

Tinatatakan ng Klerk ng petsa ang form kapag  
naihain na ito.

Orihinal na Kautusan  \_\_\_\_\_ Inamyendahang Kautusan

Bilang impormasyon  
lamang  
Huwag ihain sa korte

1 Taong Protektado (pangalan): \_\_\_\_\_

2 Taong Pinigilan

\*Buong Pangalan: \_\_\_\_\_

\*Kasarian:  M  F  Nonbinary \*Lahi: \_\_\_\_\_

\*Edad: \_\_\_\_ (tanyahin, kung hindi alam ang edad) Petsa ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_

Taas: \_\_\_\_\_ Timbang: \_\_\_\_\_

Kulay ng Buhok: \_\_\_\_\_ Kulay ng Mata: \_\_\_\_\_

Relasyon sa taong nasa 1: \_\_\_\_\_

Address ng taong pinigilan: \_\_\_\_\_

Siyudad: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip: \_\_\_\_\_

Ang impormasyon na may bituin (\* sa tabi nito ay kinakailangan  
upang maidagdag ang kautusan na ito sa isang database ng pulisya sa  
California. Ibigay ang lahat ng impormasyong alam mo.)

Ilagay ang pangalan ng korte at address ng kalye:

Kataas-taasang Korte ng California,  
County ng

Ang Klerk ang magpupuno sa numero ng kaso  
kapag naihain na ang form.

Numero ng Kaso

Huwag ihain sa korte

3  Iba pang Taong Protektado

Bilang karagdagan sa taong sangkot sa 1, ang mga sumusunod na tao ay protektado ng mga kautusan gaya  
ng ipinahiwatig sa 11 sa pamamagitan ng 14.

Buong Pangalan

Relasyon sa taong nasa 1

Edad

Buong Pangalan	Relasyon sa taong nasa 1	Edad
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

Itsek dito kung kailangan mong maglista ng mas maraming tao. Ilista ang mga ito sa isang hiwalay na piraso ng  
papel, isulat ang "DV-130, Iba pang Taong protektado" sa itaas, at ilakip ito sa form na ito.

4 Petsa ng Pagtatapos

Ang kautusan sa pagpigil na ito, maliban sa mga kautusan na nakasaad sa baba,\* ay magtatapos sa:

(petsa): \_\_\_\_\_ sa (oras): \_\_\_\_\_  n.u.  n.h. o  hating-gabi

\*Ang mga kautusan sa kustodiya, pagbisita, suporta sa bata, at suporta sa asawa ay mananatiling may bisa  
pagkatapos ng kautusan sa pagpigil. Karaniwang magtatapos ang mga kautusan sa kustodiya, pagbisita, at  
suporta sa bata kapag ang bata ay 18 na.

- Kung walang nakasulat na petsa, ang kautusan sa pagpigil ay magtatapos tatlong taon pagkatapos ng petsa ng  
pagdinig sa 5a.
- Kung walang nakasulat na oras, ang kautusan sa pagpigil ay magtatapos sa hatinggabi sa petsa ng pag-expire.

Dapat ipatupad ang kautusang ito sa buong Estados Unidos Tingnan ang pahina 9.

Isa itong Kautusan ng Korte.

5 Pagdinig

- a. Ang pagdinig ay sa (petsa): \_\_\_\_\_ kasama si (pangalan ng opisyal ng hukuman): \_\_\_\_\_
- b. Ang mga taong ito ay dumalo sa pagdinig (tsekan ang lahat ng naaangkop):
- Ang taong nasa ①  Ang abogado para sa taong nasa ① (pangalan): \_\_\_\_\_
- Ang taong nasa ②  Ang abogado para sa taong nasa ② (pangalan): \_\_\_\_\_

6  Pagdinig sa Korte sa Hinaharap



Ang  taong nasa ①  taong nasa ② ay dapat dumalo sa korte sa:  
Petsa: \_\_\_\_\_ Departamento: \_\_\_\_\_  
Oras: \_\_\_\_\_  a.m.  p.m. upang i-review ang (ilista ang mga isyu): \_\_\_\_\_

Para sa Taong nasa ②

Ang korte ay ibinigay ang isang pangmatagalang kautusan sa pagpigil. Tingnan ang ⑦ sa pamamagitan ng ⑲. Kung hindi mo susundin ang mga kautusan na ito, maaari kang kasuhan ng krimen, mapunta sa bilanguan o kulungan, at/o magbayad ng multa. Malubhang krimen ang pagkuha o pagtatago ng isang bata na lumalabag sa kautusang ito.

7 Walang mga Armas, (mga Baril), o Ammunition

- a. Hindi ka pwedeng magmay-ari, magkaroon, magdala, bumili o subukang bumili, tumanggap o subukang tumanggap, o anumang ibang paraan na kumuha ng anumang ipinagbabawal na bagay na nakalista sa baba sa b.
- b. Ang mga ipinagbabawal na bagay ay:
- (1) Mga armas;
- (2) Mga parte ng armas, ibig sabihin mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring gamitin bilang o madaling gawing receiver o frame (tingnan ang seksyon ng Kodigo Penal sa 16531); at
- (3) Ammunition.
- c. Sa loob ng 24 na oras pagkatapos matanggap ang kautusan na ito, dapat mong ibenta sa o ipatago sa lisensyadong nagbebenta ng baril, o ibigay, ang anumang ipinagbabawal na mga bagay na mayroon ka sa yong pagmamay-ari mismo o kontrol sa nagpapatupad ng batas.
- d. Kung hihilingin sa inyo ng tagapagpatupad ng batas ang inyong mga ipinagbabawal na bagay, dapat mong ibigay agad ang mga ito.
- e. Sa loob ng 48 oras pagkatapos matanggap ang kautusan na ito, dapat kang maghain ng resibo sa korte na nagpapatunay na ang lahat ng ipinagbabawal na bagay ay naibigay, naibenta, o naimbak. (Maaari mong gamitin [ang form DV-800/JV-270](#), *Resibo para sa mga Armas, mga Parte ng Armas, at Ammunition*.) Kung ang nagpapatupad ng batas ay naghain sa inyo ng kautusan sa pagpigil, dapat kang magbigay ng kopya ng resibo sa nagpapatupad ng batas na ahensyang iyon.
- f.  Limitadong Eksempson: Ginawa ng hukom ang mga kinakailangang natuklasan upang magbigay ng eksempson sa ilalim ng seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6389(h). Sa ilalim ng batas ng California, ang taong nasa ② ay hindi kinakailangan na isuko ang baril na ito (pagkagawa, modelo, at serial number ng baril): \_\_\_\_\_ ngunit dapat lamang nilang dalhin ito sa loob ng nakaiskedyul na oras ng trabaho at mula at papunta sa kanilang lugar ng trabaho. Kahit na exempt sa ilalim ng batas ng California, ang taong nasa ② ay maaaring sumailalim sa pederal na pag-uusig para sa pagmamay-ari o pagkontrol ng armas.

Isa itong Kautusan ng Korte.

**8**  **Ang Taong Pinigilan ay May Mga Ipinagbabawal na Bagay**

Napag-alaman ng korte na mayroon ka ng mga sumusunod na ipinagbabawal na bagay:

**a. Mga armas at/o mga parte ng armas**

Paglalarawan( <i>kabilang ang serial number kung alam</i> )	Lokasyon, kung alam	Katibayan ng pagsunod na natanggap ng korte
(1) _____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(2) _____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(3) _____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(4) _____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____

**b. Ammunition**

Paglalarawan	Dami, kung alam	Lokasyon, kung alam	Patunay ng pagsunod na natanggap ng korte
(1) _____	_____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(2) _____	_____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(3) _____	_____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____
(4) _____	_____	_____	<input type="checkbox"/> ( <i>petsa</i> ): _____

Itsek dito para maglista ng mga karagdagang bagay. Ilista ang mga ito sa isang hiwalay na piraso ng papel, isulat ang “DV-130, Ang Taong Pinigilan ay May Mga Bawal na Bagay” sa itaas, at ilakip ito sa form na ito.

**9**  **Ang Taong Pinigilan ay Hindi Sumunod Sa Pagsusuko ng mga Ipinagbabawal na Bagay**

a. Napag-alaman ng korte na hindi ka ganap na sumunod sa mga kautusan na unang ibinigay noong (*petsa*): \_\_\_\_\_  
Hindi nakatanggap ang korte ng resibo o patunay ng pagsunod para sa lahat ng mga bagay na nakalista sa **8**.

b. Abisuhan ang Nagpapatupad ng Batas

Agad na aabisuhan ng korte ang mga sumusunod na ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa paglabag na ito (*ahensyang nagpapatupad ng batas o mga ahensya*): \_\_\_\_\_

c. Abisuhan ang Taga-usig

Agad na aabisuhan ng korte ang mga sumusunod na ahensya ng pag-uusig tungkol sa paglabag na ito (*ahensya ng pag-uusig*): \_\_\_\_\_

**10**  **Pagdinig sa Korte upang I-review ang Pagsunod sa Mga Armas (Mga Baril), Mga Parte ng Armas, at Ammunition**

Dapat kang dumalo sa pagdinig sa korte sa **6** upang patunayan na maayos mong naibigay, naibenta, o naipatago ang lahat ng mga ipinagbabawal na bagay (inilalarawan sa **7**b) na mayroon ka pa o pagmamay-ari, kabilang ang anumang bagay na nakalista sa **8**. Kung hindi ka dumalo sa pagdinig sa korte na nakalista sa **6**, maaaring makita ng hukom na lumabag ka sa kautusan sa pagpigil at aabisuhan ang nagpapatupad ng batas at isang abogado ng pag-uusig tungkol sa paglabag.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**11 Hindi maaaring Hanapin ang mga Taong Protektado**

Hindi ka dapat gumawa ng anumang hakbang upang hanapin ang sinuman na protektado ng kautusan na ito, kabilang ang kanilang mga tirahan o lokasyon.

- Kung natsek, hindi ibibigay ang kautusan na ito dahil nakakita ang korte ng magandang dahilan upang hindi gawin ang kautusan na ito.

**12  Kautusan na Huwag Mang-abuso**

Hindi mo dapat gawin ang mga sumusunod na bagay sa taong sangkot sa ① at sinumang tao na nakalista sa ③ :

- Pambabastos, pag-atake, pagsugod, pagbabanta, pagsalakay (sekswal o hindi man), hampasin, sundan, subaybayan, molestiyahin, sirain ang personal na ari-arian, panatilihin sa ilalim ng pagbabantay, magpanggap (sa internet, elektroniko, o hindi man), harangin ang mga paggalaw, inisin sa pamamagitan ng telepono o iba pang elektronikong paraan (kabilang ang paulit-ulit na pangongontak), o guluhin ang kapayapaan.
- Ang “guluhin ang kapayapaan” ay nangangahulugang sirain ang pagiging kalmado ng isip o emosyon ng isang tao. Maaari itong gawin nang direkta o hindi direkta, tulad ng sa pamamagitan ng ibang tao. Maaari din itong gawin sa anumang paraan, tulad ng sa pamamagitan ng telepono, sa text, o online. Kabilang din sa panggugulo ng kapayapaan ang sapolitang pagkontrol.
- Ang “sapolitang pagkontrol” ay nangangahulugang ilang mga akto na hindi makatwirang naglilimita sa malayang kalooban at mga karapatan ng sinumang taong protektado ng kautusan sa pagpigil na ito. Kabilang sa mga halimbawa ang pagpapahiwalay sa kanila sa mga kaibigan, kamag-anak, o iba pang suporta; pagpigil sa kanila sa pagkain o pangunahing pangangailangan; pagkontrol o pagsubaybay sa kanila, kabilang ang kanilang mga galaw, pakikipag-ugnayan, kilos, pera, o access sa mga serbisyo; at pagpapagawa sa kanila ng isang bagay sa pamamagitan ng puwersa, pagbabanta, o pananakot, kabilang ang mga pagbabanta batay sa aktwal o pinaghihinalaang immigration status. Kabilang sa sapolitang pagkontrol ang sapolitang pagpapaanak na nangangahulugang pagkontrol sa mga kagustuhan sa pag-aanak ng isang tao, tulad ng paggamit ng puwersa, pagbabanta, o pananakot para pakialaman ang isang tao na magbuntis o hindi, at kontrolin o pakialaman ang kontrasepsyon, kontrol sa panganganak, pagbubuntis, o pag-access sa impormasyong pangkalusugan ng isang tao.

**13  Kautusan sa Walang Pakikipag-ugnayan**

- a. Hindi ka dapat **na makipag-ugnayan**  ang taong nasa ①,  ang taong nasa ③, direkta o hindi direkta, sa anumang paraan, kabilang na ang sa pamamagitan ng telepono, sulat, email, o iba pang elektronikong paraan.
- b.  Pag-aalis sa 13a:
- (1)  Maaari kang magkaroon ng maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa taong nasa ① upang makipag-usap lamang tungkol sa inyong mga anak para sa mga pagbisita na iniutos ng korte.
  - (2)  Maaari ka lamang makipag-ugnayan sa inyong mga anak sa panahon ng pakikipag-ugnayan o sa mga pagbisita na iniutos ng korte.
  - (3)  Iba pa (*ipaliwanag*): \_\_\_\_\_
- c. Ang mapayapang pakikipag-ugnayan na nakasulat sa pamamagitan ng isang abogado o tagahain ng proseso o ibang tao para sa serbisyo ng mga legal na papeles na may kaugnayan sa isang kaso sa korte ay pinapayagan at hindi lumalabag sa kautusang ito.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**14**  **Kautusan na Manatili sa Malayo**

a. **Dapat kang** manatili nang hindi bababa sa (*tukuyin*): \_\_\_\_\_ na yarda ang layo mula sa (*tsekan ang lahat ng naaangkop*):

Taong nasa **1**.

Paaralan ng taong nasa **1**.

Sa bahay ng taong nasa **1**.

Mga taong nasa **3**.

Sa trabaho o lugar ng trabaho ng taong nasa **1**.

Paaralan ng mga bata o pinagpapaalagaan sa bata.

Sasakyan ng taong nasa **1**.

Iba pa (*tukuyin*): \_\_\_\_\_

b.  Pag-aalis sa 14a:

Ang mga kautusan na manatili sa malayo ay hindi nalalapat sa:

(1)  Para ipagpalit mo ang inyong mga anak sa mga pagbisita na iniutos ng korte. Dapat mong gawin ito nang maikli at mapayapa.

(2)  Para bisitahin mo ang inyong mga anak para sa pakikipag-ugnayan o mga pagbisita na iniutos ng korte.

(3)  Iba pa (*ipaliwanag*): \_\_\_\_\_

**15**  **Kautusan na Umalis sa Bahay**

Dapat kang umalis agad sa bahay mula sa (*address*):

\_\_\_\_\_

**16**  **Iba pang kautusan**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**17**  **Kautusan sa Kustodiya at Pagbisita sa Bata**

Ibinigay ng hukom ang mga kautusan tungkol sa mga menor de edad na bata. Ang mga kautusan ay kabilang sa **Form DV-140**, at (*ilista ang iba pang form*): \_\_\_\_\_

**18**  **Protektahan ang mga Hayop**

a.  Dapat kang manatili nang hindi bababa sa \_\_\_\_\_ na yarda ang layo mula sa mga hayop na nakalista sa baba.

b.  Hindi mo dapat kunin, ibenta, itago, molestiyahin, atakihin, sugurin, bantaan, saktan, alisin, ilipat, o humiram ng may kapalit sa mga hayop.

c.  Ang taong nasa **1** ay binibigyan ng solong pagmamay-ari, pangangalaga, at kontrol ng mga hayop na nakalista sa baba.

Pangalan (*o iba pang paraan ng pag-ID ng hayop*)

Uri ng hayop

Lahi (*kung alam*)

Kulay

_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**19**  **Kontrol sa Ari-arian**

Tanging ang taong nasa ① ang makakagamit, may kontrol at magmay-ari sa mga sumusunod na ari-arian:

---

---

---

---

---

**20**  **Insurance sa Kalusugan at Iba pang insurance**

Ang taong nasa  nasa ①  nasa ② inuutusan na **huwag** mag-cash, humiram ng may kapalit, kanselahin, ilipat, itapon, o baguhin ang mga benepisyaryo ng anumang insurance o coverage nito na hawak para sa benepisyo ng mga panig, o kanilang mga anak, kung mayroon man, kung kaninong suporta ang maaaring utusan, o pareho.

**21**  **Irekord ang mga Komunikasyon**

Ang taong nasa ① ay maaaring magrekord ng mga komunikasyong ginawa ng taong nasa ② na lumalabag sa kautusang ito.

**22**  **Pagpigil sa Ari-arian**

Ang taong nasa  nasa ①  nasa ② ay hindi dapat maglipat, humiram ng may kapalit, magbenta, magtago, o mag-alis ng o manira ng anumang ari-arian, kabilang ang mga hayop, maliban sa karaniwang daloy ng negosyo o para sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Bilang karagdagan, dapat ipaalam ng bawat isa ang tungkol sa anumang bago o malaking gastusin at ipaliwanag ang mga ito sa korte. (Kung ibinigay ng korte ang kautusan sa ⑬, ang tao sangkot sa ② ay hindi dapat makipag-ugnayan ang taong nasa ①. Upang abisuhan ang taong nasa ① sa bago o malaking gastusin, magkaroon ng isang tagahain ng sulat o personal na magbigay ang impormasyon sa taong nasa ① o makipag-ugnayan sa kanilang abogado, kung mayroon sila nito.)

**23**  **Magbayad ng mga Utang na Inutang para sa Ari-arian**

a. Dapat mong gawin ang mga pagbabayad na ito hanggang sa matapos ang kautusan na ito:

- (1) Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_  
(2) Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_  
(3) Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

b.  Napag-alaman ng korte na ang utang o mga utang na nakalista sa taas sa  a(1)  a(2)  a(3) ay resulta ng pang-aabuso sa kasong ito, at ginawa nang wala ang taong nasa ① sa kasunduan.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**24**  **Magbayad ng mga Gastusin na Sanhi ng Pang-aabuso**

Dapat kang magbayad sa mga sumusunod?

Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

**25**  **Suporta sa Bata**

Ang suporta sa bata ay iniutos sa nakalakip na [form FL-342](#), *Kalakip na Impormasyon at Kautusan sa Suporta sa Bata* o (*ilista ang iba pang form*): \_\_\_\_\_

**26**  **Suporta sa Asawa**

Ang suporta sa asawa ay iniutos sa nakalakip na [form FL-343](#), *Kalakip na kautusan sa Suporta sa Asawa, Partner, o Pamilya* o (*ilista ang iba pang form*): \_\_\_\_\_

**27**  **Mga Bayarin at Gastusin sa Abogado**

Dapat kang magbayad sa mga sumusunod na bayarin at gastusin sa abogado:

Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

Magbayad sa: \_\_\_\_\_ Para sa: \_\_\_\_\_ Halaga: \$ \_\_\_\_\_ Takdang petsa: \_\_\_\_\_

**28**  **Programa ng Interbensyon sa Mananakit**

- a. Ang taong nasa **2** ay dapat pumunta at magbayad para sa isang probasyon na sertipikadong 52-linggong programa ng interbensyon sa mananakit at magpakita ng patunay ng pagkumpleto sa korte.
- b. Ang taong nasa **2** ay dapat magpatala bago ang (*petsa*): \_\_\_\_\_ o kung walang nakalistang petsa, dapat magpatala sa loob ng 30 araw pagkatapos gawin ang kautusan.
- c. Dapat kumpletuhin, ihain, at ihatid ng taong nasa **2** ang [form DV-805](#), *Katibayan ng Pagpapatala para sa Programa sa Interbensyon ng Mananakit*.

**29**  **Transfer ng Wireless Phone Account**

Ang korte ay gumawa ng kautusan ng paglilipat ng isa o higit pang mga serbisyo ng wireless na account mula sa inyo patungo sa taong nasa **1**.

Ang mga kautusan na ito ay nakapaloob sa [form DV-900](#), *Kautusan ng Transfer ng Wireless Phone Account*

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**30 Serbisyo**

(I-tsek ang a, b, or c)

- a.  **Walang ibang patunay ng serbisyo ang kailangan.** Ang mga tao sa ① at ② ay dumalo sa pagdinig, pisikal man o malayo (sa pamamagitan ng telepono o videoconference), o sumang-ayon ng nakasulat sa kautusan na ito.
- b.  **Ang taong nasa ② ay wala.** Ang patunay ng serbisyo ng form DV-109 at form DV-110 (kung inisyu) ay iniharap sa korte. (Tsekan ang lahat ng naaangkop):
- (1)  Ang kautusan na ito ay maaaring ihain sa pamamagitan ng sulat. Ang mga kautusan ng hukom sa porma na ito ay pareho sa form DV-110 maliban sa petsa ng pag-expire. Dapat maihain sa taong nasa ②, alinman sa pamamagitan ng sulat o nang personal.
- (2)  Dapat maihain ng personal ang kautusan na ito. Ang mga kautusan ng hukom sa porma na ito ay iba sa mga kautusan sa form DV-110, o hindi inisyu ang form DV-110. Dapat na maihain (mabigyan) sa taong nasa ② ng personal ang kopya ng kautusan na ito.
- (3)  Nag-iskedyul ang korte ng pagdinig sa pagsunod sa mga armas at ammunition. Ang taong nasa ① ay dapat magkaroon ng kopya ng kautusan na ito na inihain sa taong nasa ② sa pamamagitan ng:
- (a)  Personal na serbisyo ni (petsa): \_\_\_\_\_
- (b)  Sumulat sa taong nasa ② huling alam na address sa pamamagitan ng (petsa): \_\_\_\_\_
- c.  **Ang patunay ng serbisyo ng form FL-300 upang baguhin ang mga kautusan sa form DV-130 ay ipinakita sa korte.**
- (1)  Ang mga tao sa ① at ② dumalo sa pagdinig o sumang-ayon sa pamamagitan ng sulat sa kautusan na ito. Walang ibang patunay ng serbisyo ang kailangan.
- (2)  Ang taong  nasa ①  nasa ② ay hindi dumalo sa pagdinig at dapat na personal na ihain (mabigyan) ng kopya ng inamyendahan (binagong) kautusan na ito.

**31 Walang Bayad sa Paghain (Abisuhan)ang Taong Pinigilan**

Ihahain ng sheriff o marshal ang kautusan na ito nang libre. Kung gusto mong ihain ng sheriff ang inyong mga papeles, (1) kumpletuhin ang form SER-001, *Kahilingan para sa Sheriff na Ihain ang mga Papeles ng Korte*, at (2) magbigay ng nakumpletong form at isang kopya ng kautusan na ito sa sheriff.

**32  Nakalakip na mga pahina**

Lahat ng mga nakalakip na pahina ay bahagi ng kautusan na ito.

- a. Bilang ng mga pahina na nakalakip sa 10-pahinang form na ito: \_\_\_\_\_
- b. Kabilang sa mga kalakip ang mga form na (tsekan ang lahat ng naaangkop):
- DV-140  DV-145  DV-900  FL-341(C)  FL-342  FL-343  Iba pa: \_\_\_\_\_

**Pirma ng Hukom**

Petsa: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ Hukom o Opisyal ng Hukuman

**Isa itong Kautusan ng Korte.**



### Sertipiko ng Pagsunod sa VAWA

Ang kautusan sa pagpigil (pagprotekta) na ito ay nakakatugon sa lahat ng mga kahingian ng “buong tiwala at kredito” ng Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan, 18 U.S.C. seksyon 2265 (1994) (VAWA) sa abiso ng taong pinigilan. Ang korte na ito ay may hurisdiksyon sa mga panig at sa paksa; ang taong pinigilan ay nabigyan o bibigyan ng abiso at isang napapanahong oportunidad na marinig ayon sa ibinibigay ng mga batas sa hurisdiksyon na ito. **Ang kautusan na ito ay may bisa at may karapatan ang nagpapatupad sa bawat hurisdiksyon sa buong 50 na estado ng Estados Unidos, ang Distrito ng Columbia, lahat ng lupain ng tribo, at lahat ng teritoryo ng E.U., komonwelt, at pag-aari at dapat ipatupad na parang ito ay isang kautusan ng hurisdiksyon na iyon.p**

### Mga Instruksyon para sa Pagpapatupad ng Batas

#### Petsa ng Pagsisimula at Petsa ng Pagtatapos ng Mga Kautusan

Magsisimula ang kautusan na ito ng mas maaga sa mga sumusunod na petsa:

- Ang petsa ng pagdinig sa (5) a sa pahina 2; o
- Ang petsa sa tabi ng lagda ng hukom sa pahinang ito.

Ang kautusan ay magtatapos sa petsa ng pag-expire sa (4). Kung walang nakalintang petsa, magtatapos ang mga ito tatlong taon mula sa petsa ng pagdinig.

#### Mga Tungkulin ng Opisyal na Naghahain sa Kautusang Ito

Ang opisyal na maghahain sa kautusang ito sa Taong Pinigilan ay dapat gawin ang mga sumusunod:

- Itanong kung ang Taong Pinigilan ay may hawak na alinman sa mga ipinagbabawal na bagay na nakalista sa (7) b, o may kustodiya o kontrol sa alinman na hindi pa nila naibigay.
- Utusan ang Taong Pinigilan na isuko kaagad sa inyo ang lahat ng ipinagbabawal na bagay.
- Mag-isyu ng resibo sa Taong Pinigilan para sa lahat ng ipinagbabawal na bagay na isinuko.
- Kumpletuhin ang patunay ng personal na serbisyo at isampa ito sa korte. Maaari mong gamitin ang form DV-200 para sa layuning ito.
- Sa loob ng isang araw ng opisina ng serbisyo, direktang isumite ang patunay ng serbisyo sa California Restraining and Protective Order System (CARPOS), kasama ang pangalan ng naghahain na opisyal at ahensya na nagpapatupad ng batas.

#### Pagpapatupad ng Kautusan sa Pagpigil sa California

Ang sinumang opisyal na nagpapatupad ng batas sa California na tumatanggap, nakikita, o nagpapatunay ng mga kautusan sa isang kopyang papel, sa California Law Enforcement Telecommunications System (CLETS), o sa isang Naisampa na Kautusan sa Proteksyon ng NCIC ay dapat magpatupad ng mga kautusan.

#### Abiso/Patunay ng Serbisyo

Dapat munang matukoy ng nagpapatupad ng batas kung ang taong pinigilan ay may abiso sa mga kautusan. Kung hindi mapatunayan ang abiso, ang taong pinigilan ay dapat payuhan sa mga tuntunin ng mga kautusan. Kung ang taong pinigilan ay nabigong sumunod sa mga kautusan, dapat ipatupad ng opisyal ang mga ito. (Seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6383.)

Ikonsidera na ang taong pinigilan ay “naihain sa kanya” (naabisuhan) kung:

- Nakikita ng opisyal ang isang kopya ng *Patunay ng Serbisyo* o kinukumpirma na ang *Patunay ng Serbisyo* ay naihain; o
- Ang taong pinigilan ay dumalo sa pagdinig (tingnan ang (30)) o ipinaalam sa kanya ang kautusan sa pamamagitan ng isang opisyal. Seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6383; Seksyon sa Kodigo Penal sa 836(c)(2).) Ang isang opisyal ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa mga nilalaman ng kautusan sa California Restraining and Protective Order System. (CARPOS). (Seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6381(b)-(c).)

### Isa itong Kautusan ng Korte.

## Kailangang Ipatupad ang Pag-aresto Kapag Nalabag ang Utos

Kung mayroong sapat na dahilan ang isang opisyal upang maniwala na may abiso ng kautusan ang taong pinigilan at hindi sumunod sa kautusan, kinakailangang arestuhin ng opisyal ang taong pinigilan. (Mga seksyon ng Kodigo Penal sa 836(c)(1), 13701(b).) Ang isang paglabag sa kautusan ay maaaring isang paglabag sa Kodigo Penal sa seksyon 166 o 273.6.

## Kung Nakipag-ugnayan ang Taong Protektado sa Taong Pinigilan

Kahit na inimbita o pumayag ang protektadong tao na makipag-ugnayan sa taong pinigilan, ang mga kautusan ay mananatiling may bisa at dapat na ipatupad. Ang taong protektado ay hindi maaaring arestuhin para sa pag-imbita o pagpayag na makipag-ugnayan sa taong pinigilan. Ang mga kautusan ay maaari lamang baguhin sa pamamagitan ng ibang kautusan ng korte. (Seksyon ng Kodigo Penal sa 13710(b).)

## Kustodiya at Pagbisita sa Bata

Ang kustodiya at Pagbisita sa Bata ay nakalista sa form DV-140 o sa iba pang nakalakup na form. Kung ginawa ng hukom ang mga kautusan na ito, tingnan sa (13) at sa (14) ng utos na ito upang makita kung ibinigay ng hukom ang pag-alis para sa maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa taong nasa (1) na kinakailangan upang sundin ang mga pagbisita na iniutos ng korte. Ang pakikipag-ugnayan sa taong nasa (2) na hindi maikli at mapayapa ay isang paglabag sa kautusang ito.

## Magkasalungat na mga Kautusan—Mga Priyoridad para sa Pagpapatupad

Kung higit sa isa ang kautusan sa pagpigil ang inilabas na nagpoprotekta sa taong protektado mula sa taong pinigilan, ang mga kautusan ay dapat ipatupad sa mga sumusunod na priyoridad (tingnan ang seksyon ng Kodigo Penal sa 136.2 at mga seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6383(h)(2), 6405(b)) :

- Pang-emergency na Pagprotekta na Kautusan (EPO):** Kung ang isa sa mga kautusan ay *Pang-emergency na Pagprotekta na Kautusan* (form EPO-001), ang mga probisyon (hal., kautusan na manatili sa malayo) na mas mahigpit kaysa sa iba pang kautusan sa proteksyon/pagpigil ay dapat ipatupad. Ang mga probisyon ng isa pang kautusan na hindi sumasalungat sa EPO ay dapat na ipatupad.
- Kautusan sa Walang Pakikipag-ugnayan:** Kung ang isang kautusan sa pagprotekta/pagpigil ay may kasamang kautusan sa walang pakikipag-ugnayan, dapat na ipatupad ang kautusan sa walang pakikipag-ugnayan. Ang bagay sa (13) ay isang halimbawa ng kautusan sa walang pakikipag-ugnayan.
- Kautusan sa Pagprotekta mula sa Kriminal (CPO):** Kung wala sa mga kautusan na kabilang ang EPO o kautusan sa walang pakikipag-ugnayan, dapat na ipatupad ang pinakabagong CPO. (Mga seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6383(h)(2) and 6405(b)). Bukod pa rito, ang isang CPO na inisyu sa isang kasong kriminal na nagsasangkot ng mga pananagutan sa karahasan sa tahanan, mga seksyon 261, 261.5, o dating 262 ng Kodigo Penal, o mga pananagutan na nangangailangan ng pagpaparehistro sa sekswal na nang-abuso ay dapat ipatupad sa anumang Kautusan ng korte sibil. (Seksyon ng Kodigo Penal sa 136.2(e)(2)). Dapat ipatupad ang lahat ng probisyon sa kautusan ng korte sibil na hindi sumasalungat sa CPO.
- Sibil na Kautusan sa Pagpigil:** Kung mayroong higit sa isang sibil na kautusan sa pagpigil (hal., karahasan sa tahanan, batas pang-aabuso sa kabataan, pang-aabuso sa nakatatanda, sibil na pambabastos), dapat na ipatupad ang huling inilabas na kautusan. Ang mga probisyon na hindi sumasalungat sa pinakahuling sibil na kautusan sa pagpigil ay dapat na ipatupad.

(Pupunan ng klerk ang parte na ito.)

Sertipiko ng Klerk

[selyo]

—Sertipiko ng Klerk—

Pinatutunayan ko na ang *Kautusan sa Pagpigil Pagkatapos ng Pagdinig (Kautusan sa Proteksyon)* na ito ay totoo at tamang kopya ng orihinal na naihain sa korte.

Petsa: \_\_\_\_\_ Klerk, ni \_\_\_\_\_, Deputy

**Isa itong Kautusan ng Korte.**